

ANG PINAGMUMULAN NG KAISIPANG FEMINISTA SA PILIPINAS

Lilia Quindoza Santiago

Marami ang nagpapalagay na ang feminismo ay kaisipang banyaga sa Pilipinas. Inangkat diumano ang kaisipang ito na ngayon ay ipinangangalandakan ng mga “maiingay,” gitnang uri o middle class at agresibong feministang kanluranin ang takbo ng isip at pagkilos. Kaya naman wala diumanong katuturan ang feminismo sa pambansang pamumuhay at kultura.

Ang hirap sa ganitong pagpapalagay ay ang katunayang yaong pinagmumulan kadalasan ay walang simpatya sa babae. Maaaring ni hindi nila pinag-aaralan ang kilusang kababaihan o ang mismong kasaysayan ng pag-unlad ng buhay ng mga babae sa bansa. Bakit hindi dito muna magsimula — sa pag-aaral sa babae at konstruksiyon ng pagkababae sa lipunang Pilipino — bago tuluyang tuligsain ang feminismo bilang isangangkat o imported na “ideolohiya”

Ang Babae sa Kasaysayan

Isang hamon ngayon ang muling pagbubuo sa kasaysayan ng babae at kababaihan sa Pilipinas. Kung pagbabatayan lamang ang mga aklat ng kasaysayan na sinulat ng mga historyador, malamang na mahirap maliwanagan kung ano ang mga danas at antas-antas na pag-unlad ng karanasan ng kababaihan kaugnay ng pagbubuo ng lipunan at kalinangang Pilipino.

May mga dahilang binabanggit si Dr. Maria Luisa Camagay kung bakit mahirap matunghayan ang kasaysayan ng Pilipina sa mga aklat pangkasaysayan. Sa kanyang talakay hinggil sa “Ang Pilipina sa Kasaysayan ng Pilipinas” (1898), sinabi niyang karamihan sa mga historyador na sumulat ng mga aklat ay lalaki at tumitingin sa kasaysayan sa pananaw ng isang lalaki.¹ Dagdag pa rito, aniya, maaaring ipinalagay ng mga historyador na ang danas ng kalalakihan sa mga yugto ng kasaysayan ay maaaring pareho rin ng danas ng kababaihan. Kaya

maaaring di na pinag-ukulan ng pansin ang pagsasalaysay sa kasaysayan ng kababaihan. Maraming suliranin ang ganitong asumpsiyon ng pagkakapare-pareho ng danas ng kalalakihan at kababaihan dahil mismong mga lalaki at babae ang nagpapatotoo ngayon na may danas panlalaki at may danas pambabae sa kasaysayan.

Ang pagbabalangkas sa kung ano ang iniunlad ng kasaysayan ng kababaihan kung gayon ay nangangailangan ng higit pang pananaliksik at pagsusuri. Sa ngayon, maaari lamang hakain ang ilang tampok na mga danas ng babae at kababaihan sa kasaysayan ng lipunang Pilipino. Maaaring pagdugsung-dugsungin ang ilang mahahalagang tala tungkol sa kababaihan upang makabuo ng kasaysayang higit na makapaglilinaw sa naging papel ng babae sa lipunan at kalinangang Pilipino. Mangyari pa, ang pamuling pagbubuo ng kasaysayan ng kababaihan ay higit na makapagliliwanag sa mga dahilan ng pagkahubog ng konsepto ng “babae” o pagkababae sa lipunan at kalinangang Pilipino.

Nagkakaisa ang mga historyador at sosyologo na ang mga babae sa ilang piling pormasyong tribal bago dumaong ang mga Kastila ay nagtaglay ng kagalang-galang at maipagmamalaking posisyon sa komunidad. Sa mga lugar na hindi pa napailalim sa Islam, ang mga babae kundi man kapantay ng lalaki ay maaaring may nakahihigit na estado. Bukod sa maaari silang maging pinuno ng tribu, ang mga anak nila ay nagtataglay ng kanilang pangalan, may karapatan sila sa mga pag-aari ng pamilya at angkan at may kalayaan din sila sa pag-aasawa at pakikipaghiwalay sa asawa kung minamarapat.²

Sa mga tala ng antropologong si Robert Fox, halimbawa, napuna niya mula sa mga kronikel ng mga manlalakbay na Espanyol na ang sinaunang pamilyang katutubo ay hindi “patrisentrik,” hindi nakasentro sa ama. Ang mga babae, kapag nagsipag-asawa ay nananatiling malapit sa kanilang pinagmulang pamilya at gayundin naman ang mga lalaki. Magkakalapit ang pamilya ng dalawang angkan, ang sa babae at sa lalaki at ang pagtutuos sa kung sinu-sino ang mga miyembro ng angkan ay di lagi't laging umiikot sa pinakaama kundi sa maging pinakaina rin.³ Gayundin, mapupunang sa pagtutuos ng magkakamag-anak sa isang angkan, hindi lamang yaong kamaganakan ng ama ang mahalaga, kundi, yaon ding sa ina, at magkaminsa'y higit pa ngang malapit ang magpipinsan sa ina kaysa sa ama.

Mauunawaan ang relatibong mas mataas na status ng babae bago dumaong ang Islam at Kristiyanismo sa bansa kung susuriin ang

kabuuang kaayusan ng mga katutubong komunidad sa panahong iyon. Karamihan sa mga ito ay nakasandig sa ekonomiyang nakasasapat at agrikultural. Ang lupa o ang katihan, ang ilog o dagat na hanguan ng ikabubuhay ay masasabing pag-aari ng lahat; ang pamilya o angkan ay batayang yunit sa produksiyon. At sapagkat ang buong komunidad ay kalahok sa paggawa upang makapagluwal ng mga kahingian sa buhay, maaaring walang takda at magkahiwalay na lugar ng trabaho ang lalaki at babae. Nakapangingisda at nangangaso ang babae, tulad din ng lalaki. Nagsasaka rin siya, gayundin ang lalaki. Katunayan, ang gawaing bahay ay gawain pareho ng lalaki at babae.

Sa gayon, hindi malinaw ang hatian sa paggawa batay sa kasarian. Ang kababaihan ay may partisipasyon sa lahat ng larangan ng gawaing pamproduksiyon. Wala pang pribadong pag-aari o hindi pa gayon kalinaw ang mga hangganan ng pribado at publikong larangan kaya hindi problema ang hatian dito ng paggawa. Ipinaliliwanag nito ang posibilidad din ng pagiging pinunong pulitikal ng tribu ng babae. Kaya, alamat man o totoong kuwento, sina Prinsesa Urduja ng Pangasinan at si Sima sa Cotabato ay mga babae o konsepto ng mga babae na maaaring produkto ng ganitong kaayusan. Ang pananatili ng istorya ng dalawang ito at ang patuloy na pag-iral ng kanilang kasaysayan sa hanay ng kababaihan ay maliwanag na paggigiit ng gunita ng malayang estado ng babae sa unang panahon.

Sa ilalim din ng sinaunang kaayusan kung gayon maaaring ang mga babae ay hindi sadyang nasa ilalim ng kapangyarihan ng mga lalaki. May angkop na oportunidad sila para maging kapantay ng kalalakihan sa mga bagay-bagay kaugnay ng komunidad. Masasabi ring nagkaroon sila ng oportunidad na bumalangkas ng mga desisyong pampulitika at panlipunan.

Kapag ganito ang takbo ng mga bagay-bagay hindi nga malayong maiatang sa mga babae ang tungkulin bilang lider espiritwal at kultural ng komunidad. Ang ganitong pagkaka-atang sa babae ng tungkulin bilang tagapamansag ng relihiyon at kultura ay bunga rin ng kapaligirang agrikultural. Dahil kinakitaan ang babae ng pagluluwal ng supling na tulad ng pagpapasibol ng buhay ng mga halaman, tiningnan siya bilang tagaingat ng kaalaman sa buhay at paligid, kinilala ang kakayahan niyang umarok sa mga misteryo, o kabalighuan ng kalikasan, at siya ang lumulubid sa mga mito at alamat mulang kalikasan.

Sapagkat sa mga komunidad na ganito, maaaring itinuring na ang pagsibol ng buhay ay bagay na dapat ipagdiwang. At ang pagdiriwang ang nagluwal sa mga ritwal ng pasasalamat at pagtanggap ng biyaya sa mahigpit na pakikipag-ugnayan sa kalikasan. May pagkaanimista, ayon pa rin sa obserbasyon ng mga historyador ang katutubong relihiyong dinatnan ng mga Kastila. Hindi kataka-taka na sa babae nakasentro ang ganitong mga ritwal at selebrasyon. Siya ang ipinalagay na nag-iingat ng “lihim” ng buhay at kalikasan. Kumbaga, sa kanyang pag-iingat at pagkaraa’y pag-aaruga ng buhay, natitipon niya ang pambihira at kakaibang kaalaman na maaaring wala sa hinagap ng lalaki.

Kaya naman sa halos lahat ng tribu sa Pilipinas ay may kapantay ang babaylan at catalonan. **Babaylan** ang bansag sa kanila sa Visayas, **catalonan** sa mga Tagalog, **mangaalisig** sa Kalinga, **mangaanito** sa Pangasinan, **anitera** sa Gaddang, **baliana** sa Bikol, **mabalian** sa mga Bagobo, **almono** sa B’laan at **doronakit** sa mga Isneg. Tiyak na marami pang bansag sa iba’t ibang etnolinggwistikong grupo ang matutuklasan na kasingkahulugan ng babaylan.⁴

Ang mahalagang papel ng mga babaylan sa lipunang katutubo ay di na nga mapapasubalian. Gayunman, kailangan pang suriin ang mga implikasyon ang ganitong posisyon.

Kung susuriin ang pagkakahati-hati ni Salazar⁵ sa mga domeyn ng gawain sa tinatawag niyang “lipunang dati”: ang datu sa pulitika, ang panday sa teknolohiya, ang babaylan sa kultura, may dalawang implikasyon ang ganitong pagkakahati-hati. Una, masasabing hindi matatalimuwang ang kapangyarihan ng babaylan kapag kultura o kaalamang bayan lalo na sa panggagamot, relihiyon, panitikan ang pag-uusapan. Ngunit posible ring naging ganito ang kaayusan sa kondisyong may harmoniya o pagkakaisa sa pamamalakad ng lipunan. Ibig sabihin, may pagkakaisa ang datu, ang panday, ang babaylan sa tatakbuhan ng pangkalahatang buhay ng komunidad. Subalit papaano kung may pagkakawatak-watak? Paano kung di nagkakaisa ng pananaw o paningin at pagpapatupad ng mga patakaran ang datu, ang panday at ang babaylan?

Pangalawa, sa ganito kayang pagkakahati-hati ng larangan ay tiyakang hindi makikialam o walang pakialam ang kalalakihan sa larangan ng kultura? Sa bagay na ito’y may guwang o nakababagabag na katahimikan ang mga tekstong pangkasaysayan bagama’t may masisilip na ilang masasabing “pakikialam” sa puntong mayroon ngang mga babaylan o catalonan na lalaki na may “pagkababae.”

Dagdag pa rito, kung ang babae ay sa larangan ng kultura lamang malakas, at wala siya sa iba pang larangan na maaaring isa sa mga implikasyon ng pananaliksik ni Salazar, malamang na madaling maigupo ang kanyang mataas na status kung ang pulitika at teknolohiya na kapwa susi sa pagpapanatiling buhay ng isang komunidad ay nasa kapangyarihan ng katunggaliang puwersa, kalalakihan man o kababaihan, lalo na kapag ang katunggaliang puwersa'y mananakop na siyang nangyari. Ibig sabihin nito, anumang oras na magpalit ang kaayusang pulitikal, anumang pagbabago sa larangan ng teknolohiya ay makaaapekto sa kultura. Kung ang kaayusang pulitikal ay magtatakda ng patakaran laban sa dati nang kinagawian ng komunidad, at gayundin, kung ang teknolohiya ay magpapanibagong direksyon, tiyak na kakaiba na ang kalalabasan ng mga porma ng ekspresyon at estilo ng pamumuhay na saligan ng kultura at kalinangan.

Kaya naman nang mabalaho ang dating kaayusang katutubo at ang kalinangan ay pinasok ng Islam at/o Kristiyanismo, mabilis ding naglaho ang kapangyarihan ng mga babaylan.

Sa pagdaong ng mga kongkistador na Espanyol, dinatnan nila ang mga katutubong komunidad na walang malinaw na pagkakahati sa papel sa pagitan ng mga kasarian. Isang maliwanag na indikasyon nito'y ang kawalan ng paghahating pangkasarian (sexual bifurcation) ang mga pangngalan at panghalip sa katutubong wika. Kung ang mga katutubong wika ay nagdadala ng katangian ng katutubong kultura, masasabing balewala o di gaanong mahalaga kung ang isang bagay o gawain ay panglalaki o pambabae.

Inagaw ng mga kongkistador na Espanyol ang kapangyarihang pampulitika mula sa datu at ang ipinalit ay ang kapangyarihan ng Hari ng Espanya. Sa pamamagitan ng kanyang mga sugo: sa katauhan ng gobernador heneral, mga sundalo at mga paring Kastila, napahinuhod ang mga datu na dating namamahala sa mga barangay, naging utusan o tagapagpatupad na lamang sila ng dekreto mula sa Espanya. Gayundin, nagpasok ng kakaibang teknolohiya ang mga mananakop na pumalit sa dating gawi ng agrikultural na komunidad. Higit sa lahat, iginiit ng mga pari at misyonerong Kastila ang hegemonyang kanluraning nakapaikot sa relihiyon ng katolisismo. Sapilitang ipinataw ang dayuhang mga pamamaraan ng pagsamba sa mga katutubo, sinunog ang mga dating simbolo ng pagsamba at ginawang labag sa batas ang mga katutubong ritwal.

Ang pagbalahong ito ng kaayusang pulitiko-siyentipiko-kultural ng kalinangang katutubo ay naglimbag ng napakalalim na pagkasupil sa karanasan at paghahayag ng karanasan ng kababaihan.

Kasabay ng paglalatang ng kolonisasyong Espanyol, nailatag din ang mga masalimuot na ramipikasyon ng patriarkiya sa buong kapuluan. Naglaho ang kapangyarihan ng mga babaylan na maging tagapamagitan ng Bathala at sa tao at tagaingat ng kaalamang-bayan. Natira na lamang sa kanila ang panggagamot, ngunit nabawasan pati ang prestihiyo ng kanilang pagiging manggagamot sapagkat itinuring sila bilang mga herbolario o hilot o, mas masahol pa, itinuring silang mga “bruha” o “mangkukulam.”⁶

Ang mga lupa na dati'y pag-aaring komun ng buong tribu o komunidad ay ginawang mga pribadong ari-arian, una'y sa sistemang encomienda, pagkaraa'y sa sistemang asyenda. Sa kalagitnaan ng siglo 17, ang pyudal na sistema ng produksyon ay napagtibay dahil na rin sa maramihang pagkapailalim ng malalawak na lupain sa mga hacendero na dito'y ginawang kasama ang mga katutubo na walang lupa. Nailit din ang lupa ng mga maliliit na magsasaka sa bisa ng *pacto de retroventa*. Sa sistemang ito, ang mga lupang isinangla ng maliliit na magsasaka na hindi matubus-tubos bunga na rin ng kagipitang pangkabuhayan ay sapilitang sinakop ng malalaking asyenda. Sa huling bahagi ng siglo 18, mga ordeng relihiyoso ang naging asendero at humawak ng malalawak na lupain sa buong kapuluan.

Sa ilalim ng kaayusang ito naging sapin-sapin ang pagkaalipin ng kababaihan. Dahil napairal na rin ang pyudal na relasyon sa pamilya bunga ng itinuturo ng mga paring misyonero na pagpapakumbaba at pagpapakabirhen ng kababaihan, ang mga babae ay lumabas na pinakamababa sa hirarkiya ng mga nilalang sa lupa; sunud-sunuran sa maraming amo: una sa Diyos, tapos sa pari na sugo ng Diyos; sa alferez o gobernadorcillo, sa panginoong maylupa, asawa o querida nito, at sa mismong asawa niyang lalaki. Sa hirarkiya ng kapangyarihang ito, nangyaring ang babae ang nagdala ng pinakamabigat na pasanin sa krisis pangkabuhayan, at pinatitibayan din ng maraming pananaliksik pangkasaysayan kung paano naging “pambayad-utang” ang babae kapag hindi nakabayad ng utang ang ama o ang asawa.

Kababaihan ang pumasan sa epekto ng mga maliliit na giyerang inilunsad ng kolonyal na gobyernong Espanyol laban sa mga kaaway nito. Nang sapilitang kunin sa hukbo ang mga lalaki o sapilitan silang

hugutin sa mga tahanan upang gumawa ng mga bapor, riles at lansangan bilang pagpapatupad ng sapilitang paggawa, naiwan sa mga bukid ang kababaihan upang pagpalain ang mga bukirin at taniman.

Nang mapailalim sa malawakang ekonomiyang plantasyon bunga ng pagtatanim ng mga produktong pang-eksport tulad ng tabako, asukal, kape at kopra ang bansa, kasama pa rin ang mga babae sa paggawa. Nang magtayo ng mga pabrika ng tabako at pagawaan ng damit sa huling hati ng siglo 18, maraming babae ang pumasok bilang cigarera at mga kustorera.

Bagama't aktibo pa rin sa mga gawaing pangkabuhayan, ang babae ay di na naging sentral na tauhan sa larangan ng kultura. Hindi na sila ang namumuno sa mga ritwal ng pagsamba kundi ang mga prayleng Kastila. Sa mga babaeng umalinsunod sa kagustuhan ng prayle, nayag silang maging "alipures" ng mga Espanyol sa pagtupad ng mga gawain sa simbahan—tagaayos ng altar, tagapasimuno ng mga dasal at litanya na turo ng prayle, hermana sa mga pista.

Nabalaho lamang ang ganitong kaayusan nang sumanib ang kababaihan sa pambansang kilusan sa pagpapalaya na sinimulan sa huling hati ng siglo 18. Sa panahong ito, nagkaroon ng mahalaga at susing papel ang mga babaeng sumapi sa masoneriya, at pagkaraan ay nagtatag ng sangay ng kababaihan sa Katipunan. Gayundin, gumanap ng susing papel sa yugtong ito, ang dalawampung kababaihan ng Malolos na naglunsad ng isang kilusan upang magtamo ng mas makabuluhang edukasyon ang kababaihan sa kapuluan.

Sa unang dekada ng siglo beinte, binuo ang dalawang samahan ng kababaihan na nagbansag sa kanilang sarili bilang mga "feminista." Ito'y ang Asociacion Feminista Filipina (1905) na pinamunuan ni Concepcion Felix at ang Asociacion Feminista Ilonga (1906) na pinamunuan naman ni Pura Villanueva Kalaw. Sa mga asosasyong ito sumibol ang paghahangad na magkaroon ng pantay na karapatang pampulitika ang babae at lalaki na nagbunga ng kilusang suffragist o kilusan sa karapatang bomoto ng babae.

Sa dekada treinta higit na mapapatampok ang usapin ng kababaihan dahil sa malawakang kampanya para sa karapatang bumoto ng mga babae. Sa kalagitnaan ng mga debate tungkol sa pagboto ng kababaihan, isang abogado, si Perfecto E. Laguio ang sumulat ng librong *Our Modern Woman: A National Problem* (1932) at naghanay siya ng ilang

katwiran laban sa kilusang suffragist. Nanindigan siya na ang marapat na lugar ng babae ay ang tahanan at pagpapamilya. Umapela si Laguio sa likas na katangian ng Pilipina bilang maybahay at “butihing ina ng tahanan” at ipinalagay na ang pagpasok ng babae sa pulitika sa pamamagitan ng pagboto ay magsisilbing isang uri ng suhol (“new bribery”) dahil maaring gamitin diumano ng “modernong babae” ang katawan bilang kapalit ng mga usaping pulitikal.⁷

Sa kanyang liham sa kababaihan bago pagbotohan sa Asambleang mungkahing referendum tungkol sa pagboto ng mga babae sinuma niya ang pyudal na pagtingin sa babae sa konteksto ng lipunang Pilipino sa unang hati ng dantaong kasalukuyan. Aniya:⁸

Ngayong napinid na ang Lehislatura na wala mang ginawang pagpapasiya hinggil sa panukalang batas sa pagboto ng kababaihan, ay iniuukol ko rin ngayon ang bukas na liham kong ito sa Tagalog sa kababaihan ng aking bayan, lalo na sa mga maralita o yaong nasa karaniwang katayuan ng kabuhayan upang ipabatid sa kanila ang malaking kapanganibang maaaring dumating sa pagkakabisa ng karapatan sa pagboto ng babai sa kapuluan.

Ang babaing Pilipina ay itinuturing, kailan man ng lalaking Pilipino na nasa matayog na kalagayan at sadyang nararapat na pag-ukulan ng pamimitagan. Siya ay inilagay sa matayog na dambana. Ang pag-ibig sa kanya ay lubhang dalisay na siya lamang maibibigay ng sinumang nilikha. Sa katotohanan, ang pag-ibig na ito, sa maraming pagkakataon ay nagiging kabanalan. Sa pagmamalas sa kanyang paligid ay napagsusuri niya ang kaibhan ng babaing Pilipina at mga babai sa ibang bansa. Sumasaisip niya ang dilag na ito — ang mga matang mapupungay, ang buhok na maitim, ang kanyang laging maramot na pagngiti, ang mga kamay na malalambot, ang kabighabighaning hubog ng katawan — ang lahat ng ito ay tinitingala niya sa gitna ng paghanga at sinasamba niya ito buhat sa malayo.

Subalit sa pag-iral ng karapatan sa pagboto ng babai, ang lahat ng ito ay mababago. Ang mga lider ng kababaihan sa kilusang ito ay naghahangad na makapantay ng mga lalaki, magkawangis sa karapatan at sa mga pananagutan. Kung ito ay matatamo, ay hindi na malalaspang ng kababaihang Pilipina ang matayog na pagtingin ng lalaking Pilipino sa kanya, gaya ng iniuukol sa kanya ngayon. Siya na rin ang magbababa sa kanyang sarili, buhat sa dambana at “buhat doo’y panginoon siya ng lahat niyang natatanaw” upang mapalagay lamang sa kinatatayuan ng kalalakihan, na ang diwa ng pagka-maginoo at pagka-magiting

ay hindi na matatagpuan. Magpapakasakit siya na mawalan ng bisa ang lahat ng bagay na ipinagkaloob sa kanya ng kalalakihan sa loob ng maraming siglo, at ang luningning na kaakibat ng kanyang kasaysayan ay mapaparam nang ganap sa kanyang sinapupunan. At ito ay upang makamit lamang ang balota na kailanman ay hindi man lamang itinibok ng kanyang puso.

Kung pakasusuriin ang texto ng sulat na ito ni Laguio, narito't nangakalimbag ang peste ng pagtingin sa babae na animo'y nasa pedestal ngunit busabos sa tunay na buhay. Ang argumento ni Laguio, ang karapatan sa pagboto ay para lamang sa mga lalaking tao, hindi sa mga babaeng "Diyosa."

Ang pagtingin sa babae bilang "diyosa" na sinasamba ay karaniwan nang inihaharap bilang argumento na katunayan nga'y hindi api kundi nasa pedestal ang kababaihan lalo na ang Pilipina. Ipinalalagay ni Laguio na ang pag-ibig ng lalaki sa babae ay mababawasan kapag naging "kapantay" na niya ito. Ibig sabihin, ang tanging nakapag-aangat sa katayuan ng babae ay ang paghanga, pagsamba sa kanya ng lalaki. Maitatanong marahil, pabalik, paano kung hindi naman siya "hinahangaan at sinasamba?" Nasa anong katayuan ang babae sa ganitong sitwasyon?

Mangyari pa, idurugtong ni Laguio na ang paghingi ng pagkakapantay-pantay ng kababaihan sa kalalakihan ay magsisilbing daan din upang huwag nang ipagkatiwala ng lalaki ang kanyang suweldo sa babae:⁹

Bilang bungang kasunod dito ay hindi na ipagkaloob ng lalaki sa kanyang asawa ang sobra ng kanyang sahod o kinita. Sa kasalukuyan, lahat ng kinikita ng lalaki ay ipinagkaloob sa babai, na siyang gumugugol nito sa kanyang sariling pagpapasiya. Hindi tinatanong ang babai. Malaki ang pagtitiwala sa kanya. Subalit ang kaugaliang ito ay lalabas na lipas na, sa pagdating ng karapatan sa pagboto ng babai. . . Ang kapangyarihan ng babai sa kanyang asawa at sa mga anak nila ay mababawasan na rin, at siya ay mapapalagay sa katayuang siya na ang magsasakit sa pagkita ng sariling ikabubuhay o ikapagtatamo ng salapi.

Ang paghawak ng kita ng lalaki ay ipinalalagay na salalayan ng kapangyarihan ng Pilipina sa tahanan at sa gayo'y nagsisilbing sukatan ng kanyang lakas kaugnay ng kalalakihan. Ito rin ang naging obserbasyon ng maraming historyador at sosyologo, lalaki man o babae na nagsipag-

aral at nagkaroon ng konklusyon hinggil sa kakaibang lakas at pagkamalikhain ng Pilipina. Sang-ayon kay Gela Castillo, ang lipunang Pilipino ay may tendensiyang matriarkal dahil sa pagiging “entrepreneurial” ng babae dito. Bukod kay Castillo, maraming iba pang mananaliksik na lokal at dayuhan ang may papuri sa Pilipina dahil sa katangiang ito.¹⁰

Subalit kung tutuusin, ang ganitong “paghawak ng pitaka” ng babae ay di tunay na batayan ng kapangyarihan ng babae. Paano kung kulang ang suweldo? Hindi nga kaya dahil sa kasalatan ng ibinibigay na suweldo kaya napipilitang maging mapanlikha (entrepreneurial) ang mga babae? Di sasalang sa mas maraming pagkakataon na sa tahananang Pilipino ay walang silbi ang kapangyarihan pang-ekonomiyang ito ng babae sa konteksto ng isang lipunan na ang mayorya ng populasyon ay may di nakasapat na kita upang mabuhay nang maaliwalas ang isang pamilya.

Gayunma'y may bahaging sadyang di matalimuwang hinggil sa pagiging “malikhain” o entrepreneurial at kakaibang lakas ng Pilipina at maging si Encarnacion Alzona ay naggigiit ito.¹¹ Ipinapanukala rin ni Camagay na sa panahon ng Kastila, bagamat maraming karapatan at kapangyarihan ang nawala sa babae, hindi nawala ang tatag at tibay nila at ipinagpatuloy ang paggawa kapwa sa loob at labas ng bahay. Tanging yaong mga babae na nalahiran na ng “ideolohiyang Intramuros” ayon sa kanya ang napahinuhod ng mga Kastila sa kanilang konsepto ng pagkababae na mahina, mayumi, masunurin, maybahay na pambahay.¹²

Sa salaysay at mga teksto ng kampanya ng kilusang suffragist mababasa kung papaano sinasapol ng ilang mga kilalang suffragist ang usapin ng kababaihan o ang katangian ng pagkababae. Tampok ang ideya ng pagkakapantay ng babae at lalaki sa mga sinulat ni Dr. Paz Mendoza Guazon na tinipon sa libro ng kanyang mga sanaysay *My Ideal Filipino Girl* (1931). Ngunit kung susuriin ang librong ito ngayon, tiyak na maraming magsasabi na isa pang kontribusyon ito sa idealisasyon ng konsepto ng pagkababae. Madiin si Guazon sa kung ano ang “ideal” na Pilipina, humango ng mga pahayag sa mga tanyag na personalidad kung ano ang ideal nila ng Pilipina at bumalangkas siya ng mga etika ng gawi at kilos para sa kababaihan na para bang yaon na ang marapat sa habang panahon.

Ang isang tiyak na dinadala ni Guazon ay ang idea ng pagkakapantay-pantay ng lalaki at ng babae at ito rin ang ipinakikipaglaban ng mga

suffragist tulad nina Pilar Hidalgo Lim, Sofia de Veyra at iba pa. Sa isang artikulo bilang pakli sa mga pumupuna sa kilusang suffragist, ang lahat ng nilalang malalaki o mababae ay nilikha ng Diyos na pantay sa langit.

Nagwagi ang kilusang suffragist sa isang reperendum noong Mayo 1937 at siyempre pa, patibay ito ng pagkatig ng kababaihan sa mga ideang ipinamarali, lalo na ang tampok na idea ng kampanya hinggil sa pagkakapantay-pantay ng lalaki at babae. Kung pakasusuriin ngayon ang mga ideang ito, mapapansin ang ilang idealistikong pormulasyon hinggil sa usapin ng kasarian na madudukal: una, sa kawalan ng masusing pagtalakay sa kalagayan ng kababaihan sa ilalim ng isang kolonyal na dispensasyon, at pangalawa, dahil na rin sa panlabas at malakas na impluwensiya ng ganitong mga kilusan, lalo na sa kanluran na ginagamit bilang huwaran ng mga lider ng kilusan. Gayunman, kilusan itong maipagmamalaki ng mga Pilipina sapagkat sila ang mga unang babae sa kontinente ng Asya na nagwagi ng karapatang bomoto.

Ang pagwawagi ng mga suffragist ay isang tagumpay pampulitika ngunit nangahulugan ba na nakamit ng kababaihan sa kabuuan ang hangad na pagkakapantay-pantay ng lalaki at babae sa larangan?

Kung susuriin ang lipunang Pilipino magmulang 1937 hanggang sa kasalukuyan, makikitang isa pa ring ilusyon ang pagkakapantay-pantay ng lalaki at babae. Bagamat hindi lamang sa dominasyon ng kalalakihan sa pulitika matutukoy ang dahilan ng di pantay na kalagayan ng babae at lalaki, masasabing mahigpit na nakakawing ito sa maraming sistema ng dominasyon.

Sa pinakahuling datos sa paggawa halimbawa, ang babae ay sumasahod ng 40 sentimos kumpara sa piso na tinatanggap ng lalaki sa gawaing pareho ang antas at kalidad.¹³ Gayundin, mapupunang ang karamihan sa mga larangan ay nanatiling dominado ng kalalakihan mulang 1937. Ang kapangyarihang bumalangkas ng mga patakaran, ang mga istruktura ng kapangyarihan sa maraming larangan ay nanatiling nasa kamay ng mas nakararaming kalalakihan. Totoo ito, sa kabila ng katunayang isa nang babae ang humawak ng pinakamataas na posisyong pampulitika sa bansa.

Naipagwagi ba ni Corazon Cojuangco Aquino ang kalayaan, karapatan at katarungan para sa ordinaryong babae sa bansa? Umunlad ba ang buhay ng babae nang siya ay maging Presidente? Katanungan

itong maaaring may iba't ibang sagot ngunit humahantong sa iisa lamang konklusyon: wala pang kalitatibong pag-unlad ang buhay ng babae at kababaihan sa bansa. Nananatili siyang aba, mas aba kaysa lalaki. Nanatili siyang api, mas api kaysa lalaki. Sa timbangan ng lakas at kapangyarihan sa pagitan ng lalaki at babae, mas makapangyarihan pa rin ang lalaki, sabihin mang, oo, marami nang iniunlad ang buhay ng babae, marami na siyang karapatan, marami na siyang natutuhan, marami nang posisyon at pribelehiyong hinawakan.

Sapagkat sa tunay at totoo lamang, walang kalitatibong pagbabago at nananatiling patriarkal ang lipunang Pilipino. Ito ang puno't dulo, ang rason, ang pinakaubod na dahilan kung bakit may mga feminista at may feminismo sa Pilipinas. Ibig sabihin, hindi kailangang mabasa ng mga babae sina Virginia Woolf, Simone de Beauvoir, Mary Wollstonecraft, Michelle Barrett at marami pang ibang feminista sa iba't ibang dako ng mundo. Nakatutulong man o hindi ang kaisipan ng mga babaeng ito sa paghubog ng feminismoning Pilipino, ang mahalaga'y tanggaping may dahilan sa kasaysayan, sa kultura at kabuhayan kung bakit may feminismo at feminista sa Pilipinas.

Usaping Ideolohikal: Ang Pagkahubog ng Pagkababae

Maitatanong: kung mabubuwig ba ang lipunang patriarkal, kung mananaig ang pagkakapantay-pantay sa lahat ng larangan ng buhay, malulutas ba ang pagkaapi ng kababaihan? Ang sagot ay oo at hindi. Oo, kung kasabay nito'y malalansag din ang mga strukturang nagpapanatili sa superyoridad o pribelehiyadong posisyon ng lalaki at kasama na rito ang mahalagang larangan ng imahinasyon.

Hanggang ngayon nakababagabag na penomenon pa rin ang pagkahubog ng larawan ng babae, kapwa sa panitikan at sa iba't ibang media sa kasalukuyan. Sa pag-aaral ni Pennie Azarcon sa mga imahen ng babae na ipinamamansag ng mga komersyal, naroon at nakatatak pa rin ang mga tradisyonal na papel na nais ipaganap sa babae: ang pagsinop ng bahay, pagiging tapat at malambing, pagiging maganda at makinis ang kutis, i.e., kutis porselana, pagkakaroon ng mabangong hininga, pagiging mapagmahal at mapag-aruga, pagiging kaakit-akit at nakarahuyo isang "sex trip" o ST kaya kadalasang kasama sa mga adberisment ng alak dahil nakalalasing. Laganap ang mga imaheng ito sa radyo, telebisyon at mga magasin at sinusuhayan ng maraming istorya lalo na sa pelikula.¹⁴

Sa katunayan, ang ganitong pananatili ng mga dehado at de kahon nang papel ng babae at pagkababae ay may daantaon nang kasaysayan. Pinasimunuan ni Rizal sa bisa ng kanyang mga karakter na babae sa dalawa niyang nobela ang istiryotayp nina Maria Clara at Sisa, ang martir na dalaga at martir na ina. Masasabing unti-unti nang natutunggali ang mga istiryotayp na ito ngunit nananatiling masaklap na nakaraang kayhirap lagpasan ang sindrome na ito nina Maria Clara at Sisa.

Sa mga pagtatangkang salungatin o baguhin ang imahen ng babae sa kultura may mga tangkang pagtatampok ng iba pang larangang sinasangkutan ng babae. Halimbawa, isang awiting namalasalak noong panahon bago dumating ang digmaan laban sa Hapon ay pinamagatang “O Babaing Walang Kibo” parunggit sa kayumian at kawalang-tinig ng babae at humihimok ditong magbalikwas laban sa kahirapan at pagdaralita. Ang mga liriko ng naturang awit gayunman ay umaalinsunod pa rin sa nakagawian nang papel ng babae bilang ina:¹⁵

*O babaing walang kibo
Magnilay ka at mag-isip
Malaon ka nang inaapi
At malaon ka nang nilulupig
May anak kang nagugutom
Bunso mo ay umiiyak
Natitiis mo sa hirap
Ano't di magbalikwas
Kung ina kang may damdamin
At paglingap.*

Nakalimbag pa rin sa teksto rito ang idealisasyon ng papel ng inang mapaglingap dahil sa “bunsong umiiyak” bagama't nanghihikayat na ito ng pagbangon.

Tunay namang dapat at kailangang gampanan ng babae ang pagiging ina at maybahay ngunit ang iginigiit ng kababaihan ngayon ay ang katunayang una, ang gawaing bahay ay di lamang pambabae, at pangalawa, di lamang sa pagiging ina at kasintahang tapat umiikot ang buhay ng babae at pagkababae. Makikilatis ang pagtutunggali sa mga tradisyunal na imahen ng babae sa ilang awiting lumalaganap sa kasalukuyan. Halimbawa'y ang awit na “Babae ka” na sinulat ni Ananias Montano, na may mga titik na:¹⁶

*Babae ka, hinahangad, sinasamba
Ipinagtatangol, ikaw nama'y walang laya,
Ang pinto ng pag-unlad, sa iyo ngayo'y nakabungad,
Harapin mo, buksan mo, ibangon ang iyong pagkatao.*

o kaya nama'y sa isa pang awiting pinalalaganap naman ng kilusang feminista na pinamagatang “Mga Babae”:¹⁷

*Kayo ba ang mga Maria Clara
Mga Huli at mga Sisa
Na di marunong lumaban
Kaapihan bakit iniluluha?
Mga babae, kayo ba'y sadyang mahina?
Kayo ba ang mga Cinderella
Na lalaki ang tanging pag-asa?
Kayo nga ba ang mga Nena
Na hanapbuhay ang pagpuputa?
Mga babae, kayo ba'y sadyang pangkama?*

*Ang ating isip ay buksan
At lipuna'y pag-aralan
Pa'no nahubog inyong isipan*

*At tanggaping kayo'y mga libangan
Mga babae, ito nga ba'y kapalaran?
Bakit ba mayroong mga Gabriela
Mga Teresa at Tandang Sora
Na di umasa, sa luha't awa?
Sila'y nagsikap, hawak nang sandata.
Mga babae, ang mithiin ay lumaya.
Bakit ba mayroong mga Lisa,
Mga Liliosa at mga Lorena,
Na di natakot makibaka?
Ngayo'y marami nang kasama.
Mga babae, may hawak na sandata!*

Ngunit mapapansing ang mga awiting ito ay gumagamit ng panghalip sa pangalawang panauhan: Babae “ka”, “kayo ba” at kung pakasusuriin pa, ang sumulat ay waring “nag-uutos” o nag-aatas sa mga babae na gampanan ang ganoon at ganitong papel. Mauunawaan

ang paggamit ng mga salitang “ka” at “kayo” kung makikilatis na ang sumulat ng dalawang awit ay mga lalaki pa rin.

Magkagayunman sa mga awiting ito, maaaring sinimulan o nasisimulan na ang pagpapanibagong salaysay sa buhay at pakikibaka ng kababaihan at di maglalaon, mabubuwig ang ordeng simboliko na kinaluklukan sa mahabang panahon ni Maria Clara bilang huwarang Pilipina. Maaaring mahalinhin siya ng iba namang simbolo ng pagkababae sa lipunang Pilipino.

Bilang paglalagom, ang pagkabuo ng pagkababae sa lipunang Pilipino ay kakikitaan ng mga sumusunod na salik:

1. Maaaring nagbago ang konsepto ng pagkababae nang magbago rin ang salaysay at kasaysayan ng kababaihan pagdating ng mga kolonisador na Espanyol sa bansa. Dahil sa pagkapataw ng dayuhang kultura, nasapawan ang dating mataas na posisyon ng babae bilang lider kultural ng sinaunang lipunan. Gayunma'y may natira o nalabi sa sinaunang lakas, tatag at pagkamalikhain ng katutubong Pilipina na siyang naging sandigan ng pagtutol sa pagkababaeng ipinataw ng mga mananakop.
2. Bagama't naipagwagi ng kababaihan ang pantay na karapatang pampulitika sa pagtatamo ng karapatang bomoto, naging laganap pa rin ang subordinasyon ng babae sa maraming larangan ng buhay pambansa. Sinusuhayan pa ito ng idealisasyon ng pagkaina at pagkabirhen at nanatili ang mga de-kahong larawan ng babae hanggang sa unang bahagi ng dantaang ito.
3. Sa kulturang popular, nakalagak pa rin ang mga sinaunang konsepto ng babae at pagkababae, patuloy na umiiral ang palasak na larawan ng babae sa media bilang pangkama, pangkusina at pambahay lamang, bagama't sinisimulan nang tunggaliin at baklas-baklasin ang mga konseptong ito ng kilusang kababaihan at kilusan sa pagbabago.

Malinaw samakatwid na may karapatang umiral at yumabong ang kaisipang feminista sa Pilipinas.

Mga Tala

1. Ma. Luisa Camagay, "Ang Pilipina sa Kasaysayan ng Pilipinas" sa *Seminar 2: Women in Development and the Teaching of the Social Sciences and Humanities*. Proceedings. Maryknoll College Foundation: Women's Resource and Research Center, February 1988, p. A1-A6.
2. Isinalaysay ito sa iba't ibang librong pangkasaysayan halimbawa'y sa Teodoro Agoncillo at Milagros Guerrero, *History of the Filipino People* (Quezon City: R.P. Garcia Publishing Co., 1973), p. 41.
3. Robert Fox, "The Philippines in the Pre-Historic Times," *Journal of Philippine History* (March-December 1963).
4. Zeus Salazar, "Ang Babaylan sa Kasaysayan ng Pilipinas," *Women's Role in Philippine History: Papers and Proceedings of the Conference Held on 8-9 March 1989*. (U.P. Diliman: University Center for Women's Studies, 1989), p. 36.
5. *Ibid.*
6. Milagros C. Guerrero, "Ang Kababaihan sa Ika-Labimpitong Siglo," *Women's Role in Philippine History*. . . p. 46-47.
7. Perfecto E. Laguio, *Our Modern Woman*. (Manila: Philaw Book Supply, 1932), p. 45.
8. *Ibid.*, p. 236-241.
9. *Ibid.*, p. 183-184.
10. Gelia Tagumpay Castillo at Sylvia Hilomen-Guerrero. "The Filipino Women: A Study in Multiple Roles," *Journal of Asian and African Studies*, vol. 4 no. 1 (1969), p. 18-29.
11. Encarnacion Alzona, *The Filipino Woman* (Manila, 1934.) *passim*.
12. Ma. Luisa Camagay, "Women Are Barely Part of History," *Empowering Women through Research Networking*. (Manila: Council for Women's Resources. n.d.) p. 7-9.
13. Mula sa Interbyu kay Carol Añonuevo, *Solidaridad II* (1988).
14. Pennie A. Azarcon, "Images of Women in Philippine Media," sa Sr. Mary John Mananzan, Ma. Asuncion Azcuna, at Fe Mangahas, *Sarilaya* (Manila: St. Scholastica Women's Studies Institute, 1989), p. 71-85.

15. Mula sa sarili kong pag-alala sa mga titik ng awit.
16. Nagwagi ng Unang Gantimpala sa Metro Manila Popular Music Festival noong 1985, titik ni Ananias Montano.
17. Mula sa titik ni Ramon Ayco.

